4

# Modelong Banghay-Aralin sa GMRC

Kuwarter 1

Aralin 5

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa GMRC 4**
**Kuwarter 1: Aralin 5 (Linggo 7)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa implementasyon ng MATATAG K to 10 Curriculum sa taong panuruang 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**
- Venicris M. Alonsozana (De La Salle University - Dasmarinas)

**Tagasuri:**
- Liza T. Bacierra (Leyte Normal University)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMMER National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng *Bureau of Learning Resources* sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od@deped.gov.ph.

**GMRC / KUWARTER 1 / BAITANG 4**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa sariling gawi sa pangangalaga sa mga puno at halaman. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Naisasagawa ng mag-aaral ang mga sariling gawi sa pangangalaga sa mga puno at halaman bilang tanda ng pagiging mapanagutan. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | **Naipakikita ang pagiging mapanagutan sa pamamagitan ng paglahok sa mga gawaing pangangalaga at pagpaparami ng mga puno at halaman**<br>1. Naiisa-isa ang mga sariling gawi sa pangangalaga sa mga puno at halaman<br>2. Naipaliliwanag na ang mga sariling gawi sa pangangalaga sa mga puno at halaman ay dapat linangin sa bawat bata bilang bahagi ng kaniyang pagiging katiwala sa pagpapanatiling ligtas, malinis at maayos ang kapaligiran<br>3. Naisasakilos ang mga sariling gawi sa pangangalaga sa mga puno at halaman |
| **C. Nilalaman** | Mga Sariling Gawi sa Pangangalaga sa mga Puno at Halaman |
| **D. Lilinanging Pagpapahalaga** | Mapanagutan (*Accountability*) |
| **E. Integrasyon** | Adbokasiya na panatilihing malinis at maayos ang paaralan |

**II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO**


Department of Education (n.d.). MATATAG curriculum good manners and right conduct (GMRC) (Baitang 1-6) Values education (VE) (Baitang 7-10) *Gabay Pangkurikulum.* Department of Education DepEd Complex, Meralco Avenue, Pasig City

Medriano, N.S. and Sagun, D.C. (n.d.). Lingguhang aralin sa GMRC 4 quarter 1: week 7 sy 2023-2024. Bureau of Learning Resources, Department of Education

Silver Mae M. (2022). *Si Vanessa at ang kanyang mga Halaman (Quarter 4 Week 2 Story MELC based) Kwentong Pambata.* [video] YouTube https://www.youtube.com/watch?v=EPukGvcAk8A&t=180s

Villanueva, V.M. (2018). #*ABKD: Ako bibo kase dapat: alpabeto ng inobatibo at makabagong guro ng Araling Panlipunan, Edukasyon sa Pagpapakatao, at Filipino.* Makati: VMV Publishing House

| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br><br>**MAIKLING BALIK-ARAL**<br><br>**Pagsusuri ng larawan.** Ano ang nabubuo sa iyong isipan kapag tiningnan mo ang larawang ito.<br><br><br><br>Sagot: ____________________________________________ | Inaasahang sagot:<br>Pagpaparami ng mga puno at halaman.<br><br>Ipaliwanag na ang kilos na ito ay:<br>-isang kilos ng pangangalaga<br>-kilos na mapanagutan<br>-magagawa sa sariling gawi, at<br>-kilos na maaaring maging adbokasiya<br><br>Ang lahat na nabanggit ay ang ating matututuhan sa araling ito. |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **PAGLINANG SA KAHALAGAHAN SA PAGKATUTO SA ARALIN**<br><br>***Pass the Message Relay.*** Ibubulong ang mensahe sa kamag-aral at ipapasa ang mensaheng ito sa susunod hanggang sa huling mag-aaral ng pabulong. Pabilisang ihahayag ang mensahe ng huling kamag-aral sa pamamagitan ng pagsulat nito sa *bond paper* at ididikit sa pisara.<br><br>Unang Mensahe:<br>Sariling gawi sa pangangalaga sa mga puno at halaman<br><br>Ikalawang Mensahe:<br>Pangangalaga bilang tanda ng pagiging mapanagutan<br><br>Ikatlong Mensahe:<br>Katiwala sa pagpapanatiling ligtas, malinis at maayos ang kapaligiran | Hatiin ang klase sa apat na pangkat. Pangkat 1 at Pangkat 2 ang unang maglalaro kasunod ay Pangkat 3 at Pangkat 4. Ang ikatlong at huling *round* ay sa pagitan ng mga nanalong pangkat sa mga nakaraang *rounds*.<br><br>Ipagpugay ang nanalo sa pamamagitan ng pagbibigay ng palakpakan.<br><br>Itabi sa gilid at huwag tanggalin ang *bond paper* sa pisara sa loob ng isang linggo, ipaliwanag at ipakilala ang mga ito bilang aralin para sa buong linggo. |

| | | |
|---|---|---|
| | **PAGHAWAN NG BOKABOLARYO SA NILALAMAN NG ARALIN**<br><br>Balikan ang pinakamagandang sagot ng klase noong nakaraang linggo na nagbigay ng halimbawa ng kilos na nagpapakita ng “mapanagutan”, na may kaugnayan sa mga sariling gawi sa pangangalaga ng mga puno at halaman.<br><br>Pinakamagandang sagot ng klase (sagot ni____________________):<br>______________________________<br>______________________________<br><br>Paano mo ito isinasabuhay bilang mag-aaral:<br>______________________________<br>______________________________<br><br>Paano mo ito isinasabuhay bilang miyembro ng pamilya:<br>______________________________<br>______________________________ | |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **IKALAWANG ARAW**<br>**KAUGNAY NA PAKSA 3: Mga Sariling Gawi sa Pangangalaga sa mga Puno at Halaman**<br><br>**PAGPROSESO NG PAG-UNAWA**<br><br>***Pass the Flower.*** Gawin ang sumusunod.<br><br>a. Ipakita ang bagong pitas na bulaklak sa harap ng klase at tanungin lahat kung paano mo ilalarawan ang hawak na bulaklak? Isulat sa pisara ang limang sagot.<br><br>Mga sagot: ____________ ____________ ____________<br>____________ ____________<br><br>b. Tumayo ang lahat ng mag-aaral at bumuo ng bilog na hugis. Ibibigay ng guro ang bulaklak sa isang mag-aaral. Pipikit ang guro at sa kaniyang hudyat ay kakanta lahat ng “leron leron sinta” at pagpapasa-pasahin ang bulaklak sa bawat mag-aaral. Sa anumang oras ay imumulat ng guro ang kaniyang mata at kung sino | Maghanda ng isang bagong pitas na bulaklak (mas mabuti kung gumamela at may permiso kung kinakailangan).<br><br>Inaasahang sagot:<br>a. Maganda, sariwa, kaakit, mabango, kaaya-aya, at iba pa.<br><br>b. Kasalungat sa unang mga sagot<br><br>Lagumin ang talakayan sa pagsasabi ng kahalagahan ng mga sariling gawi sa pangangalaga sa mga puno at halaman. |

| | | |
|---|---|---|
| | ang nakita niyang may hawak ng bulaklak ay pupunta sa gitna upang magbahagi ng sariling talento (awit, tula, bugtong, at iba pa).<br><br>Ulitin ito ng dalawang beses at pagkatapos ay tanungin paano mo ngayon ilalarawan ang hawak na bulaklak? Isulat sa pisara ang limang sagot.<br><br>Mga sagot: ________________ ________________ ________________<br>________________ ________________<br><br>**PINATNUBAYANG PAGSASANAY**<br><br>**B.T.S. (Basa-Tanong-Sagot).** Basahin at unawain ang kuwento at sagutin ang mga tanong sa ibaba. Ang sagot ay mamarkahan sa nakapaloob na rubriks.<br><br>**Si Vanessa at ang Kaniyang mga Halaman**<br>Isunulat ni Bb. Silver Mae Mogar<br><br>Masaya ang buong pamilya ni Mang Vandolph at Aling Vicky sa kanilang simpleng buhay. Ang kanilang tahanan ay napapalibutan ng samu't saring mga halaman. Mga halamang namumulaklak at halamang nagbibigay ng prutas at gulay sa kanila. OK na sana ang lahat, maliban na lamang sa kanilang makulit na anak na hindi mautusan, si Vanessa. Isang araw, bago umalis ang mag-asawa ay muling inihabilin ni Aling Vicky kay Vanessa ang pag-aalaga sa kanilang pananim. "*O, Vanessa, huwag mong kakalimutan ha, bago ka maglaro ay diligan mo muna ang ating mga pananim at tanggalan mo ito ng mga damo". "Opo, Inay".* Mabilis na pumasok sa van ang mag-asawa at umalis. Ngunit imbes na sumunod ay nagdabog ang batang si Vanessa, *"Sino bang may gustong mag-alaga sa mga ito? Nakakasar naman gusto ko pa namang maglaro. Dapat sa mga halaman na ito ay sinisira, eh. Para wala na akong gagawin".* Tuluyan nang sinira ni Vanessa ang pananim ng kaniyang Inay. Maya-maya nakauwi na ang mag-asawa galing sa trabaho. Agad na tumambad sa kanila ang mga sirang pananim sa bakuran. *"Naku, Vanessa, anong ginawa mo dito?".* Simpleng tumatawa sa sulok si Vanessa habang naglalaro ng *volleyball. "Vanessa, ang tigas-tigas talaga ng ulo mo, bata ka! Huwag mong hintayin na babalikan ka ng mga gingawa mo, anak."* Tahimik na umupo si Vanessa, at sa sobrang pagod nito ay nakatulog siya sa damuhan. *"Hala, teka, bakit ang dilim? Nasaan ako? Bakit ang baho? Bakit puro basura dito? Ang* | Magsama-sama muli ang miyembro ng apat na pangkat. Pumunta sa isang lugar sa paaralan na may puno at halaman at sagutin ng pangkatan ang Pinatnubayan Pagsasanay. |

| | | |
|---|---|---|
| | *baho, nakakadiri!"* (May dahan-dahang lumalapit na tapunan ng basura) "Parang may naririnig akong tunog malapit dito". *"Vanessa, batang tamad at makalat! Halina't sumama. Basura dito ay nakahanda, ha ha ha.". "Ahhh, huwag ka lalapit sa akin! Ang baho baho mo, lumayo ka! Layo!". "Ha ha ha, ayaw mo ba sa akin? Tingnan mo ang paligid, napakadumi! Ayaw mo sa mga halaman at mga bulaklak, di ba? Na nagbibigay ng ganda at bango sa kapaligiran. Dito ka na lang! Puro mga basura! Ha ha ha". "Tama na! Pinagsisisihan ko na po ang lahat! Hindi ko na po ulit gagawin iyon. Patawad po. Umalis na kayo". "Bibigyan pa kita ng isa pang pagkakataon. Ipakita mong nagbago ka na. Dahil kung hindi, habang buhay ka nang titira sa aking basurang palasyo! Ha ha ha".* Sa isang kisap-mata ay biglang nanumbalik si Vanessa sa kaniyang katinuan. *"Hmmmm, anong nangyari? Ayoko ng bumalik sa lugar na iyon. Kailangan kong maglinis!".* Agad tumambad sa kaniya ang mga nasirang halaman at muli niya itong itinanim. Nangako na siya na aalagaan na niya ang mga halaman. Ito ay kaniyang didiligan, tatanggalan ng mga damo na nakapaligid dito, at papaarawan iyong mga halaman sa loob ng kanilang tahanan. Naabutan siya ng kaniyang mga magulang sa paglilinis na kaniyang ginagawa. *"Patawad po sa pagiging sutil ko, sa hindi ko po pagsunod sa inyo. Pangako po, magbabago na po ako. Hindi ko na po uulitin iyon". "Magaling, anak. Nakakabilib ka. Nakakatuwa dahil natuto ka na".* Simula noon ay natuto na si Vanessa sa kaniyang pagkakamali. Malaking tulong ang binibigay ng mga halaman sa kanilang pamumuhay. Pangangalagaan na niya ang mga ito. | |
| | Gabay na tanong:<br>1. Sa isang pangungusap, ano ang tema ng kuwento?<br>______________________________<br>______________________________<br>2. Magbigay ng dalawang paglalarawan sa katauhan ni Vanessa:<br>______________________________<br>______________________________<br>3. Paano nagbago ang pananaw ni Vanessa sa mga halaman?<br>______________________________<br>______________________________ | Tumawag ng dalawang mag-aaral sa bawat tanong upang magbahagi ng sagot. |
| | Panggrupong Rubriks sa Pagsusuri:<br><br>Pangalan ng Grupo: ____________________ | Magsama-sama ulit ang apat na pangkat at sagutin ang mga tanong. Pumili ng lider na magbabahagi ng sagot sa klase. |

| 50% para sa aktibong paggawa ng bawat kasapi (Pumili ng isa habang gumagawa ang lahat ng pangkat at lagyan ng tsek at isulat ang marka sa baba) | | 50% para sa Kabuoang Kaayusan, nilalaman at diwa (Pumili ng isa at lagyan ng tsek at isulat ang marka sa baba) | |
|---|---|---|---|
| | 50% Lahat ng kasapi ay aktibong gumagawa | | 50% Napakahusay na kabuoang kaayusan, nilalaman at diwa |
| | 40% Apat na kasapi ang aktibong gumagawa | | 40% Mahusay na kabuoang kaayusan, nilalaman at diwa |
| | 30% Tatlong kasapi ang aktibong gumagawa | | 30% Mayroong kabuoang kaayusan, nilalaman at diwa |
| | 20% Dalawang kasapi ang aktibong gumagawa | | 20% Hindi mahusay na kabuoang kaayusan, nilalaman at diwa |
| | 10% Isang kasapi ang aktibong gumagawa | | 10% Walang kabuoang kaayusan, nilalaman at diwa |
| ______ PLUS _____ | | KABUOANG MARKA: | |

**PAGLALAPAT AT PAG-UUGNAY**

**Pagmuni-muni.** Balikan ang kuwento ni Vanessa sagutin ang mga tanong sa pamamagitan ng pagbabahagi ng sariling karanasan.

1. May pagkakatulad o pagkakaiba ba kayo ni Vanessa? Bakit?

______________________________________________

______________________________________________

2. Kung ikaw si Vanessa, gagayahin mo ba siya sa kaniyang pagbabago? Bakit?

______________________________________________

______________________________________________

**IKATLONG ARAW**

**KAUGNAY NA PAKSA 4: Tungkulin Bilang Katiwala sa Kaayusan at Kalinisan ng Kapaligiran.**

**PAGPROSESO NG PAG-UNAWA**

| | | |
|---|---|---|
| | **B.T.S. (Basa-Tanong-Sagot).** Basahin at unawain ang kuwento at sagutin ang mga tanong sa ibaba.<br><br>**Bidang Bata**<br><br>Likas na masipag, masinop, at matulungin si Paulo, mag-aaral ng Grade 4-Magiliw. Bilang lider ng kanilang klase, siya ang namumuno sa paglilinis at pagsisinop ng mga gamit sa kanilang silid-aralan. May malasakit siya hindi lamang sa kaniyang kapuwa kundi maging sa mga puno at halaman sa kapaligiran. Minsan may asong gala na pumasok sa kanilang paaralan. Pinaghuhukay nito ang kanilang mga halamang gulay sa hardin at itinumba nito ang mga halamang nakapaso na nagkabasag-basag. Nanlumo si Paulo. Kinabukasan nagdala siya ng mga halamang ipapalit sa hardin at kasama ang kaniyang mga kaklase, agad natamnan ng bago ang hardin at nanumbalik ang kaayusan at kalinisan nito. Iyan si Paulo! Bata man sa tingin ng iba ngunit siya ay bidang-bida dahil sa kaniyang adbokasiya na panatiling malinis at masigla ang loob at labas ng paaralan na nagsisilbing pangalawang tahanan para sa mga kabataan.<br><br>**Tanong:**<br>1. Sa isang pangungusap, ano ang gustong sabihin ng kuwento?<br>______________________________<br>______________________________<br>2. Ano ang hindi kaaya-ayang nangyari sa paaralan?<br>______________________________<br>______________________________<br>3. Ano-ano ang kaaya-ayang ginawa ni Paulo upang maging maayos ulit ang kanilang hardin?<br>______________________________<br>______________________________<br>4. Bakit tinawag na bida si Paulo?<br>______________________________<br>______________________________<br><br>**PINATNUBAYANG PAGSASANAY**<br><br>**B.T.S. (Basa-Tanong-Sagot).** Basahin at unawain ang kuwento at sagutin ang mga tanong sa ibaba. Ang sagot ay mamarkahan sa nakapaloob na rubriks. | Inaasahang sagot:<br><br>Paksa ng kuwento:<br>1. Batang may pakialam<br>-sa matatanda<br>-sa mundo<br><br>2. Batang handa<br>-pulutin ang kalat<br>-pag-aalaga ng kalamansi<br>-pamalit na tanim<br>3. Malasakit sa mga puno at halaman<br><br>Pangyayari na magsasabing bata ay handa:<br>-kahit kaunti o wala pang alam sa mundo at laro lamang ang alam, mayroon silang pakialam<br>-sa paglalakad nakikita ang mga kalat sa daan at tumitigil upang pulutin ang mga ito.<br>-may kapuwa bata na pumipitas ng murang bunga ng kalamansi at ikinalat sa daan, sasabihin sa sarili, "hindi ko gagawin ang ginawa niya."<br>-alam kong higit na mapakikinabangan ang bunga kung hihintayin itong mahinog bago pitasin.<br>-nalanta ang tanim sa hardin, kumuha ng pamalit, itinanim, aalagaan, didiligan upang sisibol at lalaki nang maayos. |

| | | |
|---|---|---|
| | **Handa na Ako**<br><br>Musmos ang tawag sa mga kabataang tulad ko. Bata pa raw kami at wala pang alam sa mundo. Grade 4 kung tawagin at laro lamang ang alam, *Mobile Legend* pa nga raw. Ang hindi alam ng mga matatanda, may pakialam kami. May pakialam ako.<br>Lagi akong naglalakad papuntang paaralan at nakikita ko ang mga kalat sa daan. Handa na ako. Tumitigil ako upang pulutin ang mga kalat na ito. Pag-uwi ko mula sa paaralan ay may nakita akong kapuwa ko bata na pumipitas ng murang bunga ng kalamansi at ikinalat sa daan. Pinulot ko ito at sabay sabi sa aking sarili, "hindi ko gagawin ang ginawa niya." Alam kong higit na mapakikinabangan ang bunga ng kalamansi kung hihintayin itong mahinog bago pitasin. Handa na ako. Pag-uwi ko sa bahay, nakita kong nalanta ang tanim na petsay sa aming hardin. Kumuha ako ng pamalit at aking itinanim. Aalagaan at didiligan ko ang aming mga tanim upang sila ay sisibol at lalaki nang maayos. Handa na ako. Sa mga bagay na ito, maaaring sabihin ng ibang tao na wala lang iyan. Ngunit alam ko na sa simpleng bagay na ito, masasabi kong handa na nga akong magmalasakit sa mga puno at halaman sa aking munting kaalaman at kakayahan. Handang-handa na nga ako at gagawin ko kung ano ang alam kong tama saan mang dako ako magtungo.<br><br>**Tanong:**<br>1. Ano ang paksa ng kuwento?<br>____________________________________________<br>2. Ano-ano ang pangyayari sa kuwento na magsasabing handa na ang bata? Magbahagi ng tatlong pangyayari.<br>____________________________________________<br><br>Panggrupong Rubriks sa Pagsusuri:<br><br>Pangalan ng Grupo: ____________________________ | |

| 50% para sa aktibong paggawa ng bawat kasapi (Pumili ng isa habang gumagawa ang lahat ng pangkat at lagyan ng tsek at isulat ang marka sa baba) | | 50% para sa Kabuoang Kaayusan, nilalaman at diwa (Pumili ng isa at lagyan ng tsek at isulat ang marka sa baba) | |
|---|---|---|---|
| | 50% Lahat ng kasapi ay aktibong gumagawa | | 50% Napakahusay na kabuoang kaayusan, nilalaman at diwa |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | 40% Apat na kasapi ang aktibong gumagawa | | 40% Mahusay na kabuoang kaayusan, nilalaman at diwa | |
| | 30% Tatlong kasapi ang aktibong gumagawa | | 30% Mayroong kabuoang kaayusan, nilalaman at diwa | |
| | 20% Dalawang kasapi ang aktibong gumagawa | | 20% Hindi mahusay na kabuoang kaayusan, nilalaman at diwa | |
| | 10% Isang kasapi ang aktibong gumagawa | | 10% Walang kabuoang kaayusan, nilalaman at diwa | |
| ______ | PLUS | _____ | KABUOANG MARKA: | |

**PAGLALAPAT AT PAG-UUGNAY**

**Paglalarawan.** Sa isang *bond paper*, mag *drawing,* o gumawa ng larawan na nagpapakita ng mapanagutang sariling gawi sa pangangalaga sa mga puno at halaman o adbokasiya na panatilihing malinis at maayos ang paaralan. Lagyan ng akmang pamagat o titulo ang iyong *drawing* o larawan. Gagamitin ang nakapaloob na rubrik sa pagmamarka ng sagot.

____________________________________

(Pamagat o Titulo)

____________________________________

(Iyong Pangalan)

Rubriks sa pagmamarka ng *drawing* o larawan:

| Marka | Basehan ng Pagmamarka |
|---|---|
| 100 | Napakalinaw ang mapanagutang sariling gawi sa pangangalaga sa mga puno at halaman o adbokasiya na panatilihing malinis at maayos ang paaralan |
| 90 | Malinaw ang mapanagutang sariling gawi sa pangangalaga sa mga puno at halaman o adbokasiya na panatilihing malinis at maayos ang paaralan |
| 80 | Mayroong mapanagutang sariling gawi sa pangangalaga sa mga puno at halaman o adbokasiya na panatilihing malinis at maayos ang paaralan |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
<table>
<tr><td>70</td><td>Hindi malinaw ang mapanagutang sariling gawi sa pangangalaga sa mga puno at halaman o adbokasiya na panatilihing malinis at maayos ang paaralan</td></tr>
<tr><td>60</td><td>Walang nakikitang mapanagutang sariling gawi sa pangangalaga sa mga puno at halaman o adbokasiya na panatilihing malinis at maayos ang paaralan</td></tr>
</table>
</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>D. Paglalahat</td>
<td>
IKAAPAT NA ARAW<br><br>
PABAONG PAGKATUTO<br><br>
Tama-Mali-Dahilan (T.M.D). Sabihin ang “Tama” kung ikaw ay sumasang-ayon o “Mali” kung hindi sumasang-ayon kung ang sumusunod ay mga kilos na nagpapakita ng pagkalinga at pagmamalasakit sa mga may-sakit, mga nakatatanda, mga taong may kapansanan, o mga taong may natatanging kondisyon. Isulat ang “Dahilan” kung bakit ito ang iyong sagot.<br><br>
<table>
<tr><th rowspan="2">Mga Kilos na Nagpapahalaga sa Sariling Buhay o Nagpapakita ng Paggalang sa Sarili</th><th colspan="2">Lagyan ng “tsek”</th><th rowspan="2">DAHILAN</th></tr>
<tr><th>TAMA</th><th>MALI</th></tr>
<tr><td>1. Ang pag-aalaga sa puno at halaman ay nararamdaman dahil sa ating mapanagutang pagpapahalaga.</td><td></td><td></td><td>____________________<br>____________________<br>____________________<br>_____________</td></tr>
<tr><td>2. Sa mga susunod na panahon ay hindi na kailangan ang puno at halaman dahil Digital Age na ang panahon.</td><td></td><td></td><td>____________________<br>____________________<br>_______________<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br>_____________</td></tr>
<tr><td>3. Ang mga taong walang adbokasiya ay mga taong walang pakialaam</td><td></td><td></td><td>____________________<br>____________________<br>_______________</td></tr>
</table>
</td>
<td>Ang Pabaong Pagkatuto at Pagninilay sa Pagkatuto ay parehong gawaing indibidwal. Bigyan ang klase ng 15 minuto para sumagot.<br><br>Maaaring tumawag ng ilang mag-aaral para magbahagi ng kanilang sagot para sa talakayan ng aralin bago ang huling pagsusulit.</td>
</tr>
</table>

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | sa nangyayari sa buhay. | | | ____________________ | |
| | 4. Kailangan ng mga puno at halaman sa paaralan, ngunit hindi sa mga industriya, pagawaan at pabrika. | | | ____________________ | |
| | 5. Hindi tama at makatuwiran ang pagtatanim ng sampung punla kapalit ng isang puno na huhukayin. | | | ____________________ | |

**PAGNINILAY SA PAGKATUTO**

**Balik-Tanaw sa Kabutihang Asal at Wastong Pag-uugali.** Magnilay at sagutin ang sumusunod.

Bilang mag-aaral na may Kabutihang Asal (ikaw iyon), ano pang Kabutihang Asal ang natutuhan mo sa Araling ito?

____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________

Anong pag-uugali ang ginagawa mo ngayon na dapat mong iwasto kaugnay sa iyong natutuhan na Kabutihang Asal sa aralin?

____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________

| IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **PAGSUSULIT**<br><br>**Pagsusuri.** Pag-aralan at isulat ang sagot sa tanong sa patlang. Gagamitin ang Rubriks na nakapaloob sa pagmamarka ng sagot.<br><br>Unang Situwasyon: Marami kayong mga pasong may tanim na mga halaman. Matagal mo itong hindi naalagaan. Nakita mo na halos kalahati na lang ang lupa sa mga paso. Ano ang gagawin mo? Bakit?<br>______________________________<br><br>Ikalawang Situwasyon: May mga tanim na okra ang nanay mo sa inyong bakuran. Marami ka nang naani na mga bunga nito. Isang araw, nakita mong halos tuyo na ang mga puno at maraming damo na ang tumubo sa paligid. Ano ang gagawin mo? Bakit?<br>______________________________<br><br>Rubriks sa pagmamarka: | |

| Marka | Basehan ng Pagmamarka |
|---|---|
| 100 | Napakalinaw at tugma ang mga sagot |
| 90 | Malinaw at tugma ang mga sagot |
| 80 | Mayroong tugma ang mga sagot |
| 70 | Hindi malinaw at tugma ang mga sagot |
| 60 | Walang saysay at tugma ang mga sagot |

**GAWAING PANTAHANAN/TAKDANG-ARALIN**

***J.S.From (Journal-Survey from Mon-Sun).*** Bago matulog araw araw sa susunod na buong linggo ay matapat na sagutin ang pansariling pagtataya ng kagandahang asal na nagawa sa buong linggo.

| Sa Araw na Ito ay May Inalagaan Akong Puno / Halaman: | Lagyan ng Isang Tsek (√) ang Akmang Sagot | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | Fri | Mon | Tues | Wed | Thurs |
| Oo | | | | | |

MGA TALA SA GURO: Ang pagtala ay may kaugnayan sa ikawalong aralin ng kuwarter tungkol sa mabuting kaugaliang Pilipino bilang tanda ng pagmamahal sa bayan.

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| Hindi | | | | | |
| Wala kaming Puno / Halaman | | | | | |

| May Mabuting Kaugaliang Pilipino Akong Ginawa: | Kung "Oo" ang Sagot, Sabihin Kung Anong Kaugalian Ito sa Tapat ng Araw: | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | Fri | Mon | Tues | Wed | Thurs |
| Oo | | | | | |
| Wala | | | | | |

Magsisimula ang tala sa Biyernes kung kailan natapos ang aralin. Walang takdang aralin sa Sabado at Linggo at itutuloy ito sa Lunes hanggang Huwebes lamang para sa susunod na bagong takdang aralin tuwing Biyernes.

**B. Pagbuo ng Anotasyon**

| **Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.** | **Epektibong Pamamaraan** | **Problemang Naranasan at Iba pang Usapin** |
|---|---|---|
| ***Estratehiya*** | | |
| ***Kagamitan*** | | |
| ***Pakikilahok ng mga Mag-aaral*** | | |
| ***At iba pa*** | | |

Ang bahaging ito ay oportunidad ng guro na maitala ang mga mahalagang obserbasyon kaugnay ng naging pagtuturo. Dito idodokumento ang naging karanasan mula sa namasdang ginamit na estratehiya, kagamitang panturo, pakikisangkot ng mga mag-aaral, at iba pa. maaaring tala rin ang bahaging ito sa dapat maisagawa o maipagpatuloy sa susunod na pagtuturo.

**C. Pagninilay**

*Gabay sa Pagninilay:*

- ***Prinsipyo sa pagtuturo***
  *Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*
  *Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*
- ***Mag-aaral***
  *Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*
  *Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*
- ***Pagtanaw sa Inaasahan***
  *Ano ang aking nagawang kakaiba?*
  *Ano ang maaari ko pang gawin sa susunod?*

Ang bahaging ito ay patnubay sa guro para sa pagninilay. Ang mga maitatala sa bahaging ito ay input para sa gawain sa LAC na maaaring maging sentro ang pagbabahagi ng mga magagandang gawain, pagtalakay sa mga naging isyu at problema sa pagtuturo, at ang inaasahang mga hamon. Ang mga gabay na tanong ay maaring mailagay sa bahaging ito.